# ANG PENITENSIYA NI TIYO RENATO

Opisyal na Lahok, 2012 Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature
Dulang Ganap ang Haba, Filipino

## BUOD

### Prologo

Ika-6 ng Abril, Biyernes Santo. Naririnig ang pabasa. Mula sa bintana, tinatanaw ni RENATO ang mga nag-pipinitensya. Habang hawak ang sipi ng subpoena, taimtim din siyang nagdarasal.

### Unang Yugto

Unang Tagpo – Ika-10 ng Abril, sa opisina ni FISCAL FLORENCIA TEVES, Prosecutor’s Lounge, Kapitolyo ng Bulakan. Darating sina DONNA, BOOTS, at REY. Kakausapin sila ni FISCAL TEVES tungkol sa kasong isinampa nila laban kay RENATO. Magbibigay din ng salaysay ang saksi – si ALEX.

Ikalawang Tagpo – Ika-10 ng Abril, sa bahay ng Pamilya TORRE, kinahapunan. Darating si NONI at DRA. LUCINDA. Wala si RENATO. Si MALENA lamang ang sasalubong sa kanila. Tatawagan si NONI ni MARINA, isang kapatid na nasa London. Ikukuwento nito ang bersyon ni DONNA na naging dahilan ng pagsasampa ng kaso. Hindi makatitiis si MALENA na makinig lang. Sasabihin niya ang ang sakit na dinamdam ni RENATO, lalo na kapag dumarating ang subpoena.

Ikatlong Tagpo – Ika-10 ng Abril, sa Prosecutor's Office, sa Kapitolyo. Tututok si FISCAL TEVES sa pagsasalaysay ni ALEX. Ipapahayag ni ALEX ang tungkol sa pagkabalam ng pagtetestigo niya sa kaso at kung bakit hindi makatayong testigo ang iba pa niyang kasama.

Ika-Apat na Tagpo – Ika-10 ng Abril, sa bahay ng Pamilya TORRE. Darating si MIKEL, kasama si ALEX. Kakausapin sila ni NONI. Dito, ibang bersyon ang ilalahad ni ALEX tungkol sa totoong nangyari. Dahil sa maririnig, hahamakin ni DRA. LUCINDA ang pamilya TORRE. Magiging dahilan iyon nang pag-aaway ng mag-asawa. Wala pa rin si RENATO.

Ikalimang Tagpo - Ika-11 ng Abril, isang monologo. Sa isip ni RENATO, isasalaysay niya kay FISCAL TEVES ang kanyang bersyon ng pangyayari. Patutunayan niyang walang saysay ang kasong isinampa laban sa kanya.

## Ikalawang Yugto

Unang Tagpo – Ika-15 ng Abril, sa bahay ng Pamilya Torre. Hapon. Makakaharap ni RENATO sina DONNA, REY at BOOTS. Nasa bahay din sina MIKEL at MALENA. Si NONI ang mangunguna. Nais ni NONI nabayaran ng danyos perwisyo ni RENATO si DONNA. O kaya ay harapang humingi nang paumanhin si RENATO sa bata at kay DONNA. Sa labis na sama ng loob, aatakihin sa puso si RENATO. Magkagulo sa labasan para dalhin sa ospital si RENATO, pero sa pagkakagulo ay masasagasaan si BOOTS ng delivery van at duguan itong titilapon sa gate.

Ikalawang Tagpo – Ika-25 ng Abril, sa bahay ng pamilya TORRE. Makalipas ang isang linggo na naratay sa hospital, namatay at nailibing na ang anak na si BOOTS. Dumalaw si DONNA, nag-iisa lang si RENATO sa bahay. Humingi ng tawad si DONNA sa ginawang pagdedemanda. Sa pag-iisa ni RENATO,

titimbangin niya ang naging bunga ng lahat – bakit nga ba kailangang pagdaanan niya ang penitensyang  iyon?

Epilogo

Ika-30 ng Abril.  Sa bahay ng pamilya TORRE. Nagbibihis si RENATO papunta sa Quiapo upang sumali sa taunang Alay lakad para sa Birhen ng Antipolo. Kasama nito si MALENA at MIKEL na aalalay sa kanya.  Bago sila maglakad buong magdamag, matitiyak ni RENATO sa sarili na gumaang na ang krus na pasan-pasan niya.

## **MGA TAUHAN**

RENATO TORRE – 65 years old, balo, retirado.

DONNA ABUEVA - 35 years old, may asawa, pamangkin ni RENATO.

REY ABUEVA – 35 years old o mas bata, asawa ni DONNA.

BOOTS  – 7 years old, malikot, nag-iisang anak nila DONNA at REY.

NONI  TORRE – 70 yrs old, mas nakatatandang kapatid ni RENATO.

DRA. LUCINDA – 60 years old, asawa ni NONI.

MIKEL TORRE – 17 years old, kapatid ni DONNA.

ALEX PASCUA – 18 years old, kainuman ni MIKEL.  Saksi.

FISCAL FLORENCIA TEVES - 60 years old o mas bata, FISCAL.

CHARITO – 30 years old, assistant ni FISCAL TEVES.

MALENA – 30 years old, kasambahay ni RENATO.

## MGA TAGPUAN

Mahahati ang tanghalan sa dalawa. Ang bandang kaliwa ay para sa bahay ni RENATO.  Samantala, ang bandang kanan ay para sa opisina ni FISCAL TEVES.

Ang bahay ni RENATO ay may pinto sa dulong kaliwa. Mga pitong talampakan ang taas ng pinto na nabubuksan at naisasara.  Ipapahiwatig na ang pintuan palabas ay may terrace na maliit bago pa ang gate ng bahay palabas sa kalye. Tipikal na bahay na may sala at komedor o lugar kainan.  Makikita rin sa bahay ang bintana sa may bandang gitna, sofa, center table, at dining table (bilog o kudrado) para sa apat.  May mga payak na gamit na nakalagay sa paligid ng bahay.  Malinis itong tingnan.

Sa Prosecutor’s Office, isang office table na nakaharap sa entablado. Maraming nakapatong na folder sa ibabaw noon.  May dalawang silya sa harap. May isa pang computer table sa likuran ng mesa ni FISCAL TEVES. May computer monitor ito at makikitang doon ang lugar ni CHARITO. May kurtina ang likuran ng opisina.  Apat na silya pang magkakatabi na nakahiwalay bandang kanan ng opisina.  Ito ang tatayong waiting area habang hindi pa kinakausap ng FISCAL ang mga bisita.

## PROLOGO

Biyernes Santo, April 6, kasalukuyan.

Unang Biyernes ng Abril.

Dahan-dahang bubukas ang ilaw ng tanghalan.

Sa background, maririnig ang pabasa at mga hampas ng mga nagpe-penitensya.

Bubungad sa atin si RENATO. Nakatanaw siya sa may bintana. Nakapambahay lang siya pero malinis tingnan. Nakapantalon siyang maong at naka-puting t-shirt (walang tatak).

Mga 5'7" ang taas ni RENATO. May mga puting buhok na ito. Wala itong bigote at balbas. Mababakas dito ang maamo pa rin niyang mukha kahit may edad na.

RENATO

(Sa sarili.) Mahirap tingnan ang mga nagpi-penitensiya. Duguan na ang likod sa mga hampas pero parang hindi nasasaktan. Diretso pa rin ang lakad. Nakikita ng dumudugo ang likod at tuhod pero may humahampas pa rin kapag dumadapa sila sa lansangan para dagdagan ang sakit na nararanasan nila.

A, gano'n nga siguro.  Kanya-kanya tayo ng penitensiya sa buhay. Katulad ko, bata pa lang, parang may pasan na rin akong krus. Wala man lang sumoporta sa akin para makatapos ng pag aaral. Pati mga kapatid ko, tinalikuran ako.  Ni hindi ako tinulungan para makapag-aral.  Kaya nga kahit kape lang nuon ay isasabaw ko sa kanin para lang makatipid ako sa ulam. Para may panggastos sa gamit ko sa eskuwela.

Napaka-importante ang makatapos ng pag aaral sa isang tao. Mas madaling magkatrabaho. Mas marami kang choices na mangyayari sa buhay.  Kaya ang mga pamangkin ko, hanggat makakatulong ako kahit pambili lang ng uniporme ay gusto kong maging bahagi ng pagtatapos ng pag aaral nila.

Ang sarap din pakinggan ng tugtog sa graduation. Ang saya saya ko kapag naririnig ko yun.

Pero iba talaga ang mga ugali nila. Pinag aral mo na, tinulungan mo na, ikaw pa rin ang gagawan ng hindi maganda. Nagsasakripisyo rin naman ako sa buhay at hindi gumagastos sa bisyo para may maipang tulong sa kanila.  Ilan na ba yang pamangkin na nakatapos ng high school. Yun dalawa naka pag kolehiyo pa.  Madalas kahit may asawa na, ako pa rin ang takbuhan sa mga kagipitan.  Pero, sa bandang huli, nababale wala lang ang lahat.

(Mapapabuntonghininga. Sasaluhin ang dibdib.  Sandali pa, mag-aantada ng krus, tanda ng pagdarasal.)  Panginoon, gawin mo akong kasangkapan ng iyong kapayapaan.  Kung saan may pagkamuhi, bayaan mo akong magtanim ng pag ibig. Kung saan may kapansanan, bayaan mo akong magtanim ng kapatawaran. Kung saan may pag aalinlangan, bayaan mo po akong magtanim ng pagtitiwala.  Kung saan may kabiguan, bayaan mo

akong magbigay ng pag asa. Kung saan may kalungkutan, bayaan mo akong magtanim ng tuwa.  O, Panginoon, tulungan mo akong maunawaan nila.

Sandali pa papasok si MIKEL na galing sa loob ng kusina o kwarto , nasa 17 taong gulang.  Mukha s'yang college student.  Suot n'ya ang isang t-shirt na matingkad ang kulay at short pants na pambahay. Malinis s'yang tingnan at mukhang maliksing kumilos.

MIKEL
T'yo RENATO?

RENATO
Bakit?

Sa halip na sumagot, iaabot na lang ni MIKEL ang isang papel na nakatupi kay RENATO.

RENATO
Ano 'to?

MIKEL
Iyan po yung inihatid nung isang araw nung sheriff ng korte. Para sa Martes daw po yan.

Hindi iimik si RENATO. Bubuklatin ang iniabot na subpoena at babasahin 'yon. Tititigan ang papel nang maigi.   Maluluha s'ya. Titingin muli sa labas.

Papasok si MALENA, nasa 30 taong gulang. Payat s'ya at naka-duster lang. Naka-tsinelas lang s'ya at may hawak na mumurahing cellphone na may palawit. Pupunta s'ya sa tabi ni RENATO sa may bintana.

MALENA
D'yuskupo!  Ang daming dugo!

MIKEL
Tara, MALENA!  Labas tayo. Tingnan natin ng malapitan.

Habang palabas ng bahay ang dalawa, lalong lalakas ang tunog na maririnig na hampas ng penitensiya at pabasa.

Babalutin ng lumbay at pagkabagabag si RENATO.

Sandali pa, magdidilim ang entablado.

## UNANG YUGTO

### UNANG TAGPO

Opisina ni FISCAL FLORENCIA TEVES

Umaga ng Martes, April 10

Pagliwanag ng tanghalan, makikita na itinuturo ni CHARITO, assistant ni FISCAL TEVES kung saan uupo sina DONNA, REY, at BOOTS sa waiting area.

Suot ni CHARITO ang isang simpleng damit pang opisina. Maaaring uniform nila 'yon.  Nakapalda at blusa ito at sapatos na itim na mababa. May kaunti itong lipstick sa labi.  Si DONNA naman ay naka maong na pantalon, t-shirt na matingkad ang kulay, at sandalyas. Mapula ang lipstick nito at may eye shadow

pang berde. Nakasuot ito ng plastic na pulseras at mumurahing kuwintas. Ang asawa nitong si REY ay madungis sa kasuotang shorts, sando, at sinelas. Ang batang si BOOTS ay naka-shorts na khaki at puting t-shirt. May dala siyang maliit na bag na pang-eskwela. Magulo ang bata at palipat-lipat ng upuan. Naglalaro ito at pumapasok sa ilalim ng silya. Panay ang saway ng ama n'ya sa bata.

Makikita rin na may hawak na yellow pad at ballpen si FISCAL TEVES. Maayos at pormal itong manamit. Mukhang kagalang-galang sa kasuotang palda at blusa sa loob ng blazer. Naka-sapatos ito na hindi mataas ang takong. Maayos na nakapusod ang buhok nito sa likod. May suot itong hikaw at relos na mukhang pormal, simple ngunit halatang mamahalin.

DONNA
(Kay CHARITO.) Good morning po, Ma'm.

CHARITO
CHARITO na lang, Misis. 'Wag nang ma'm. Nakakatanda.

DONNA
A, OK. CHARITO, mai-interview na po ba kami agad? Me klase po kasi ang anak ko ngayon. Ipinasabi ko lang na male-late s'ya.

CHARITO
Upo muna po kayo. Tinatapos lang ni FISCAL yung report sa huling kinausap niya. Tatawagin na lang kayo.

Lalapit si CHARITO kay FISCAL TEVES. Bubulong na dumating na ang susunod na kliyente. Titingnan lang ni FISCAL si DONNA.

FISCAL TEVES

Paki-type, ha.  Kailangan ko mamaya.

Kasunod na iaabot ni FISCAL TEVES ang ilang piraso ng yellow pad paper kay CHARITO.

FISCAL TEVES

(Malakas.)  DONNA ABUEVA?

Lalapit si DONNA at kakamayan ni FISCAL TEVES.

FISCAL TEVES

Ako si FISCAL TEVES.  FLORENCIA TEVES.  Na-raffle ulit ang kaso mo at ako ang hahawak na nito mula ngayon.  Maupo ka.

Uupo si DONNA.

FISCAL TEVES

Pang-ilan na ba ako sa humawak ng kaso na ito?

DONNA

Pangatlo na po kayo.

FISCAL TEVES

Anak mo ang naghabla? Matagal na ba ito?

DONNA

Ako po ang naghabla. Matagal na rin po. Magdadalawang taon na rin po halos.

FISCAL TEVES

Anong sabi ng judge sa inyo?

DONNA

Wala pa naman pong nangyari. Yun huling hearing, hindi po kami naka-attend kasi may klase yung anak ko. Nuong si FISCAL Romulo po ang may hawak dati, sabi nya, wala raw po kaming hawak na ebidensiya.

FISCAL TEVES

Ikaw ‘ka mo ang naghabla? ‘Di ba anak mo yun ginawan ng hindi maganda?

DONNA

Opo.  Pero dahil minor po daw ang anak ko kaya ako po ang nagrereklamo.

FISCAL TEVES

Maliban sa akin, may tumutulong pa ba sa iyo sa kaso na ito?  Abogado?

DONNA

Kayo lang po.

FISCAL TEVES

Alam mo, DONNA, pakiusap ko sa iyong sabihin mo sa akin ang lahat mamaya. At pawang katotohanan lamang para maipagtanggol ko kayong mabuti.  Halos dalawang taon na pala itong kaso nyo pero di pa umuusog. Bago na rin ang magiging judge natin kasi ay nagretiro na nung isang buwan yun dating judge ng Family Court.  Sa May 2 na ang hearing natin. Yun ang naka schedule dito sa akin.

Uumpisahan ko na ha. Ikaw ang una kong interbyuhin tapos yung anak mo. (Ituturo si BOOTS.)  Yun ba yung anak mo?

DONNA

Opo.

FISCAL TEVES

O, sige. Kunin ko ang buong pangalan mo at ang edad.

DONNA

DONNA po. DONNA ABUEVA.

FISCAL TEVES

Kelan ang birthday mo DONNA?

Isusulat ni FISCAL TEVES ang bawat sabihin ni DONNA pero tumitingin ito kay DONNA kapag nagtatanong.

DONNA

October 4 po…..19…76.

FISCAL TEVES

Mmmm…..1976. eh di 35 ka na?

DONNA

Opo.

FISCAL TEVES

OK….sige address naman…..

DONNA

22 po…22 Matikas Street, San Vicente, Malolos, Bulacan.

FISCAL TEVES

Okay. Standard lang ito, DONNA, ha, na bago kita tanungin sa kaso ay kailangan kang manumpa. Babasahin ko sa iyo ito, tumayo ka muna sandali at itaas ang kanang kamay.

Susundin ni DONNA si FISCAL TEVES.

FISCAL TEVES

Matapos mong malaman ang iyong karapatan na umiiral sa ating saligang batas, ikaw ba ay nakahanda na magbigay ng malaya at kusang loob na salaysay at ang lahat ba ng iyong sasabihin ay katoohanan at pawang katotohanan lamang?

DONNA

Opo.

FISCAL TEVES

Sige, maupo ka na ulit. Kelan nangyari ito, DONNA?

DONNA

Nuon pa pong 2010. March, 2010.

FISCAL TEVES

Kaano-ano mo yun inihabla mo?

DONNA

Tiyuhin ko po. Kapatid ni Nanay.

FISCAL TEVES

Ano pangalan niya?

DONNA
RENATO TORRE po.

FISCAL TEVES
Sige nga, isalaysay mo sa akin ang nangyari noong March 2010. Anong petsa ba ‘yon?

DONNA
25 po. March 25 po. Dumalaw po kami noon kay Lola. Buhay pa po noon si Lola at kasama nya dun nakatira si T’yo RENATO. Tapos po, nasa kuwarto po kami ni LOLA. Kausap namin siya. Narinig ko na lang po umiiyak ang anak ko at binatukan daw po siya ni T’yo RENATO. Pumasok po yun anak ko sa kwarto ni Lola. Umiiyak. E, narindi na po ako, kaya sinigawan ko po si T’yo RENATO. Kahit po sinong nanay magagalit s’yempre kung babatukan ang anak. Kaya nagsagutan na po kami.

FISCAL TEVES
Ano daw dahilan bakit binatukan ang anak mo? Ano nga pangalan ng anak mo?

DONNA
BOOTS po. BOOTS ABUEVA.

FISCAL TEVES
Ilang taon na si BOOTS?

DONNA
Ngayon po seven. Noong 2010, limang taon lang siya.

FISCAL TEVES
Ano daw dahilan bakit binatukan ng Tiyo mo si BOOTS?

DONNA

Nagsigawan nga po kami.  Sinigawan nya rin po ako. Tapos, pinapaalis nya kami sa bahay ni Lola. E, bahay nya ba iyon? Bahay ni Lola yun!  Ang kapal ng mukha nung matandang yun! Porket may pera siya ganun niya kaming tratuhin. Humanda siya! Pahihirapan ko talaga siya!

FISCAL TEVES

DONNA.  (Bababa ang pagsasalita para kumalma ang kausap.)  Nag-usap ba kayo ng tiyo mo kung bakit niya binatukan ang anak mo?

DONNA

Tinanong ko po anak ko. Basta daw po siya binatukan. Tama po ba iyon?

FISCAL TEVES

Baka naman nagbibiro.  Nagbibiruan sila ng anak mo? O, naglalaro?

DONNA

Naku, hindi po.  Hindi nakikipagbiruan si T'yo RENATO sa anak ko.  Kahit nga sa akin ay hindi nagbibiro iyon. Masungit po yun!

FISCAL TEVES

So,  ang ibig sabihin, basta na lang binatukan niya ang anak mo?  Walang ibinigay na dahilan?

DONNA

Naku, ayaw po niya aminin na binatukan niya!

FISCAL TEVES

Nakita mo ba na binatukan ang anak mo?

DONNA

Hindi naman po iiyak yan ng walang dahilan. Alam nyo naman ang bata, hindi iyan magsisinungaling.  Lalo na kung biglang iiyak ng ganun.  Mahal na mahal ko po yang anak ko. Nag-iisa lang yan, kaya lalabanan ko kahit sino basta na-agrabyado siya.

FISCAL TEVES

Okay, so, hindi mo rin nakitang binatukan? Nag-report ba kayo sa baranggay?

DONNA

Hindi na po. Diretso na kaming nagreport sa munisipyo.  Sa pulis. Para makasuhan na po namin ang demonyong yun! Pati bata pinapatulan!

FISCAL TEVES

Kumunsulta ba kayo sa doktor? May galos ang bata o may pasa o bukol?

DONNA

Hindi na raw po, sabi ng pulis. Ayos na raw po iyon. Heto po yun police report.

Iaabot ni DONNA ang police report.  Babasahin 'yon ni FISCAL TEVES.

FISCAL TEVES

Nandito nga ito sa folder nyo. Nabasa ko na ito.

Ibabalik ni FISCAL TEVES ang police report kay DONNA.

FISCAL TEVES

So, walang baranggay report o blotter man lang?

DONNA
Wala po.

FISCAL TEVES
Naku, DONNA, malaking parte iyon ng ebidensiya para tumayo o mabuo ang kaso natin. E, witness, may makukuha ka ba? Kung may nakakita na sinaktan ang anak mo? Kakailanganin natin yun.

DONNA
E, FISCAL, pwede ko po pakiusapan yun mga kabataan. Kaya lang po baka hindi payagan sila ng mga magulang. May meeting nga po kasi sila nung oras na nangyari yun ang Sangguniang Kabataan sa tapat ng bahay.  Kasali po dun yun kapatid kong si Mikel. Duon din po rin kasi sa bahay ni Lola nakatira yun isang kapatid ko. Pero hindi po tetestigo yun kasi si Tio RENATO po nagpapaaral dun.  Ayaw daw niya makialam sa kaso.

FISCAL TEVES
Ano pangalan nito?  MIKEL.  MIKEL ABUEVA?

DONNA
Hindi po. MIKEL TORRE po. M - I – K- E-L po. MIKEL TORRE.  Anak po kasi ni Nanay sa huli nyang --- Naanakan po kasi si Nanay pero sixteen lang po si MIKEL. Di po talaga papayag pumunta rito yun  Kakampi po yun ni Tio RENATO.

FISCAL TEVES

May napansin lang ako sa police report kanina, DONNA.  Nangyari ‘ka mo ng March 25 ang pananakit sa anak mo?  Bakit March 29 na yun petsa ng police report?

DONNA

Kasi po, nuon lang po ako nasabihan ng biyenan ko na pagawaan ng police report.

FISCAL TEVES

O, sige, kakausapin ko na lang muna yun anak mo at saka asawa mo. Dun ka muna sa upuan nila.

DONNA

Sige po.

FISCAL TEVES

Mister, pakidala mo na yang bata dito.

Aakayin ni DONNA si BOOTS papalapit kay FISCAL TEVES.

Papasok si ALEX PASCUA, isang teenager. Naka t-shirt at maong s’ya. Naka-rubber shoes at may backpack.

DONNA

BOOTS,  upo kayo ni Daddy dito.

FISCAL TEVES

CHARITO, paki-check mo nga kung sino yun.  Mag-aalas-dose na. Sabihin mo, baka di ko na sya makausap. Paupuin mo muna.

Lalapitan ni CHARITO si ALEX at kakausapin ng tahimik na maghintay lang muna.

Babalik si CHARITO sa table sa likod ni FISCAL TEVES at itutuloy ang ginagawang pagmamakinilya sa computer.

Hindi agad uupo si BOOTS. Aakyat sa silya at magpapadausdos ito. Sesenyasan ni FISCAL TEVES si REY na ayusin ang pagkakaupo ng bata. Pagbalik ni Donna sa mga upuan, maaabutan niya si ALEX at magiging matalim ang pagtingin niya rito.

DONNA
O, ba't nandito ka?

Titingnan ni DONNA si ALEX bago umupo.

Hindi agad iimik si ALEX.

Mahinang mag-uusap sina FISCAL TEVES at si BOOTS. Sumusumpa ang bata at nakatayo. Nakaupo sa silya si REY. Pero malalaki ang mga kilos at maglilikot ang bata. Kahit kausap ni FISCAL TEVES ay uupo ito sa sahig at ipapasok ang mga paa sa ilalim ng silya.

FISCAL TEVES
(Malumanay.) BOOTS, tumayo ka dyan at madudumihan ang suot mo. Daddy, paki-tayo mo si BOOTS. (Kay BOOTS.) Sasagot ka sa mga itatanong ko, ha?

Mahahalatang binubulungan ni REY ang anak. Nagsusulat pa rin si FISCAL TEVES.

Iismiran ni DONNA si ALEX.

FISCAL TEVES

Nag-aaral ka na, BOOTS?

Makikitang binubulungan ni REY ang anak.

FISCAL TEVES

(Mag tataas ng boses.) Mr. ABUEVA, menor de edad ang anak mo at nariyan ka dapat para samahan siya pero hindi mo dapat ituro sa kanya ang isasagot sa mga itatanong ko.

REY

E, bata po kasi.

FISCAL TEVES

Alam kong bata s’ya pero marunong yan umintindi ng isasagot sa tanong ko. Saka nag aaral na yang anak mo.  Tingnan mo nga. Naglalaro tuloy dahil akala niya laro lang ito.  Umalis ka nga muna sa harap niya. At sa susunod wag kang pupunta rito na ganyan ang ayos mo. Alam kong mahirap ang buhay pero hindi dahilan na bastusin nyo ang opisina ko sa pagsusuot ng sando at shorts dito.  (Magiging malumanay ulit sa pagtatanong sa bata.) Sige na. BOOTS, uulitin ko, ha.  Ano ginawa sa iyo ng Lolo RENATO mo?

BOOTS

Sinampal.

FISCAL TEVES

Saan parte ka sinampal?

BOOTS

Sa ulo.

FISCAL TEVES

Ituro mo sa akin.  Saan ka sinampal?

Itituro nung bata ang itaas ng ulo, sa bandang tuktok.  Isinusulat ni FISCAL TEVES ang obserbasyon niya.

FISCAL TEVES

Saan pa?   (Itituro ng bata ang tenga.)  Sinampal ka sa tenga?

BOOTS

Nipinggot po ako dito sa tenga.

FISCAL TEVES

Bakit ka piningot sa tenga?

BOOTS

Kasi po matigas ulo ko.  (Titingin sa direksyon kung saan nakaupo si DONNA saka sisigaw ng parang naiiyak.) Mommy!

Magdidilim.

**IKALAWANG TAGPO**

Sa bahay ng Pamilya Torres.

Sa Longos, Malolos, Bulacan.

Magliliwanag ang tanghalan.

Sa loob, makikita na sina NONI at DRA. LUCINDA.  May dalang handbag si DRA. LUCINDA.

Mapapansin din na nagpapalit ng bagong table cloth si MALENA.

NONI
Wala ang T'yo RENATO mo?

MALENA
Wala po. May binili sa Crossing.

DRA. LUCINDA
NONI, ang alikabok naman dito sa inyo.  Ihingi mo nga ako malamig na tubig.

Magpapaypay si DRA. LUCINDA.  Aastang init na init.

NONI
MALENA, p'wede mo ba kami ipaglabas ng tubig na may yelo. Nauuhaw ang Ate LUCINDA mo?

MALENA
Sige po.

NONI
Eto ba yung pinto?

Hahawakan ni NONI ang pinto sa pinasukan nila. Parang aalugin kung matibay.

Papasok si MALENA na may dalang dalawang basong tubig.

MALENA

Ya'n po.

NONI

Anong oras daw darating si RENATO?

MALENA

Wala pong sinabi.

Uupo muna sa sofa si NONI. Mag-ri-ring ang cellphone ni NONI. Sasagutin niya 'yon. Tumatawag ang matandang kapatid nila, si MARINA.

NONI

Hello. Ate? Ate MARINA? Oo, Ate. Nandito na nga kami. Si LUCINDA ang kasama ko. Si LUCINDA. E, wala naman daw si RENATO at nasa Crossing. (Patlang.) Kamusta na kayo d'yan sa London? (Patlang.) Alam niya. Tumawag ako kahapon. Oo, sinabi kong darating ako. A, wala. Wala. Dadaan ako mamaya kay DONNA. Oo, Ate, aayusin ko. Oo, naiintindihan ko 'yun. (Patlang.) Sige na. 'Wag ka nang mag alala. (Lalakad ng ilang hakbang papunta sa harapan ng entablado, palayo sa sofa.) Oo, tumatagal. E, paano ayaw niyang aminin. Nagmamatigas pa siya. Ate, si DONNA alam kong mataray. Oo, nagkasagutan sila, pero hindi dapat pagbuhatan ng kamay ang bata. Oo nga. Sige, itatanong ko kay LUCINDA. Kakausapin ko ngayon. (Magtataas ng boses.) E, wala nga dito. Hayaan mo siya. Ate, kahit ako naiiipit din dito. 'Wag mo sana ako pag isipan ng hindi maganda. Ginagawa ko ang parte ko bilang nakakatanda kay RENATO.

May hearing daw sa May 2, kaya nga ako nandito dahil aayusin ko. Matigas din kasing magsalita si RENATO. May diabetis na nga siya at alta presyon tapos ganuon magsasalita. Ate, kaya tumatagal kasi ayaw

aminin ni RENATO.  Hayan tuloy, gumagastos siya nang malaki dahil nagbabayad pa siya ng abogado.  Oo, sige na, Ate. Oo.  Sige, sasabihin ko kay RENATO.  (Magiging kalamado na ulit.)  'Wag ka nang mag alala diyan. Sige.  OK naman.  OK.  OK.  Bye.

(Susubukang tawagan si RENATO.  Walang sasagot. Susubukan ulit. Hindi niya mako-kontak.)  Wala naman sumasagot.  Out of coverage area daw.  (Patlang.)  MALENA, sabi ni DONNA ay may dadating na subpoena si T'yo RENATO mo.

MALENA

Dumating na po nung isang linggo. Inabot na po ni MIKEL kay T'yo RENATO no'ng Biyernes Santo.

NONI

Anong sabi ni RENATO?

MALENA

Wala naman po. Tahimik lang.  Hindi po siya nagsasalita ng tungkol sa pakiramdam niya. Pero napapansin po namin ni MIKEL na talagang apektado siya.

NONI

Dapat lang.  Kasuhan ba naman siya ng pamangkin namin. 'Di ba, nakakahiya iyon?  Maaapektuhan talaga siya.

DRA. LUCINDA

(Kay MALENA.) Malinis ba CR nyo? Gagamitin ko.

MALENA

Po?  Opo.  Malinis po.

Papasok si DRA. LUCINDA sa may pinto sa kanan papunta sa CR.

NONI
Wala pa rin si MIKEL.  Gusto kong makausap s'ya.

MALENA
E, alam na po ba iyan ni T'yo NATO na ---

NONI
Oo, sinabi ko na sa kan'ya.  Nand'yan ba yun ipinadalang subpoena sa T'yo NATO mo?

MALENA
Naitabi na po ni T'yo NATO. Ayaw po nun ng may mga pakalat-kalat dito na papeles o sulat.

Magdidilim.

**IKATLONG TAGPO**

Sa Prosecutor's Office.

Liliwanag.

Makikitang nakatayo si ALEX sa harap ni FISCAL TEVES at nanunumpa ito.

Sandali pa, uupo si ALEX sa silya sa harap ng mesa ni FISCAL TEVES. Saka naman tatayo si FISCAL TEVES at lalapit siya kay CHARITO na nag ta-type sa may likuran ng mesa niya para tingnan sa monitor ng computer ang resulta ng ipinagagawa nito.

Babalik na ulit si FISCAL TEVES sa mesa at itutuloy ang pagsusulat habang kausap si ALEX.

FISCAL TEVES
(Habang nagsusulat.)  Sino bale ang nagpapunta sa iyo rito?

ALEX
Si Atty. DORINA po.

FISCAL TEVES
Siya yung attorney ni RENATO TORRE?

ALEX
Opo.

FISCAL TEVES
Ilang taon ka na, ALEX?

ALEX
Eighteen na po.

FISCAL TEVES
Kailan ka nag-eighteen?

ALEX
March 5 po.  Nag-eighteen na po ako nung March 5 lang. Pero 16 lang po ako nung mangyari yan.

FISCAL TEVES
Maari mo bang isalaysay ang nasaksihan mo nung hapon ng March 25, 2010.

ALEX

Nasa tapat po kami ng bahay, sa may gate po.

FISCAL TEVES

Kaninong bahay?

ALEX

Yun sa Longos po.  Bahay ni Mang RENATO po.

FISCAL TEVES

Anong address nito?

ALEX

Hindi ko po alam eksaktong address. Pero po Mac Arthur Highway po iyon. Sa Longos, Malolos, Bulacan.

FISCAL TEVES

Nasa kalsada kayo?

ALEX

Opo.

FISCAL TEVES

Ano ginagawa nyo?

ALEX

Mag iinuman po sana kami. Nag uusap po kaming magkakaibigan kasi kung kakandidato kami sa SK nung time na yun.

FISCAL TEVES

Ilan kayo?

ALEX

Apat po kami.

FISCAL TEVES

Hindi sila tetestigo?

ALEX

Mga menor de edad pa po. Ayaw pong payagan ng mga magulang nila kasi gulong pampamilya raw po ito.

FISCAL TEVES

Bakit ikaw?

ALEX

Pakikisama na rin po kay MIKEL, yun pamangkin po ni Mang RENATO. Naiipit po kasi siya. Kapatid niya si Ate DONNA, pero si Mang RENATO nagpapaaral sa kanya.  Saka sabi po ni Atty. DORINA, wala naman daw pong masama sa gagawin ko. Wala po akong kakampihan kasi yun totoo lang daw ang sabihin ko.

FISCAL TEVES

Tumayo ka sandali, ALEX, at ipakita mo sa akin kung gaano kayo kalayo sa bahay.  Mula sa gate ‘ka mo?

ALEX

(Tatayo hahakbang ng mga apat papunta sa harap ng entablado.)  Heto po. Ganito kalayo.

FISCAL TEVES

(Tatayo din at pupunta sa harap ng mesa niya.  )Okay, kung ako yun pintuan pagpasok sa bahay ng mga TORRE, nasaan kayo?

ALEX

Heto po.  Dito po kami.

FISCAL TEVES

Okay. Sige, ituloy mo ang salaysay mo.

ALEX

Naglalaro po sa may pintuan papasok ng bahay yun bata, si BOOTS. Nakatalikod po siya sa amin. Ganito po kalayo. Nakita po naming na umakyat siya sa pintuan. Tumungtong pa nga po sa silyang monoblock, yun bilog po na puti.

FISCAL TEVES

Walang kasamang naglalaro yun bata?

ALEX

Wala po, kasi ang alam ko nasa loob po yun Mommy niya, si Ate DONNA po.  Yun nandito kanina.

FISCAL TEVES

Okay. Tuloy mo.

ALEX

Naabot po ni BOOTS yun dulo ng pinto at dun siya kumapit para maglambitin. Tapos po ay naglalambitin siya habang sumasara yun pinto. Tamang tama naman po na pumapasok sa gate si Mang RENATO.

Sinaway po si BOOTS kasi baka po mahulog o maipit. Pinababa po siya ni Mang RENATO.

FISCAL TEVES
Sumigaw si Mang RENATO?

Babalik na sa upuan niya si FISCAL TEVES.  Babalik na rin sa may upuan n'ya si ALEX pero nakatayo pa rin habang nagsasalita.

ALEX
Medyo po. Pero hindi naman siya galit. E, tiyak pong masasaktan si BOOTS kapag tumalon siya mula sa pinto.

FISCAL TEVES
Maupo ka na, ALEX. (Umupo si ALEX.) Tumigil ba ang bata nung pinatigil ni Mang RENATO?

ALEX
Naku, hindi po bumaba agad.  Hinawakan po ni Mang RENATO yun pinto para hindi sumara. Kung hindi po niya ginawa baka naipit ang kamay ni BOOTS.  Nung hawakan po ni Mang RENATO ang pinto ay sabay talon naman po si BOOTS at tumama yun binti niya sa nakatumbang silya. Yung tinungtungan niya po. Medyo tumama po rin yata yun paa ng silya sa batok ni BOOTS kasi paupo itong bumagsak sa sahig nang tumalon mula sa pagkakalambitin sa pinto.

FISCAL TEVES
Nag-abot sila ni Mang RENATO?

ALEX

Hindi po. Kasi kahit pinigilan ni Mang RENATO yun pinto ay bumukas po ito dahil  tumalon si BOOTS mula sa paglalambitin.  Sabay takbo po sa Mommy niya at umiyak.

FISCAL TEVES
Hinabol ba siya ni Mang RENATO?

ALEX
Matapos pong itayo ni Mang RENATO yung silya na natumba.

FISCAL TEVES
Nakita mo bang binatukan o piningot yun bata?

ALEX
Hindi po.

FISCAL TEVES
Baka naman hindi mo lang nakita kasi nasa labas kayo ng gate?

ALEX
Si Ate DONNA na po ang kausap ni Mang RENATO pagkatapos niyang damputin ang silya.  Nagtatalo na po sila.

Magdidilim.

## <u>**IKA-APAT NA TAGPO**</u>

Sa bahay ng Pamilya TORRE.

Hapon, matapos ang dalawang oras.

Liliwanag ang tanghalan.

Naroroon pa rin sila NONI at DRA.  LUCINDA at naghihintay kina MIKEL at RENATO.

Nakaupo sa sofa si NONI at nilalaro ang tungkod ni RENATO.

Naroroon din si MALENA.

Maya-maya pa, sabay na darating sina MIKEL at ALEX.

NONI
Ang tagal nyo naman! Kasama mo na Tiyo RENATO mo?

MIKEL
Hindi po.  Nagkita lang po kami ni ALEX sa crossing kasi galing po siya sa Kapitolyo at nagbigay ng salaysay kay FISCAL TEVES.

NONI
Kanino s'ya kampi?

MIKEL
Wala po.

NONI
Pwede ba yun?  Baka naman binibigyan na rin yan ng baon ni Tiyo RENATO mo? (Kay ALEX.)  Hoy, bata! Ano?  Kanino ka kampi?

ALEX
Wala nga po.

NONI

E bakit ka nagpunta sa kapitolyo? Baka naman idiniin mo pa si DONNA o si BOOTS imbes na tulungan yun mga inapi?

ALEX

Hindi po.

NONI

Tandaan mo bata,  ha. Itanim mo ito sa tuktok mo. ‘Wag kayong makialam sa kaso na ito kasi hindi ninyo alam ang puno’t dulo.

MIKEL

Bakit, Tiyo NONI, may iba po bang kaso o may ibang dahilan kung bakit nakademanda si Tiyo RENATO?

NONI

Wala naman. (Magiging malumanay.)  Ang ibig ko lang sabihin, kaming magkakapatid ang may problema. Huwag kayong sumali, mga pamangkin kayo, huwag kayong makisawsaw dito.

ALEX

Hindi naman po kami sumasali. Tinanong lang po ni FISCAL TEVES kung ano nakita namin?

NONI

E, ano nga ba nakita nyo? May nakita ba kayo?

ALEX

Wala po.

NONI

Yun naman pala eh. Akala ko may nakita kayo. Nagtataka nga ako sa iyo, MIKEL. Kapatid mo si DONNA pero hindi ka man lang tumestigo nuon pa para sa kanya. Siguro, ang laki ng suhol sa iyo ng Tiyo RENATO mo?

MIKEL
Wala po.

NONI
E, bakit ayaw mong tumulong. Parang di ka kapamilya. Nagtatago ka sa pundilyo ng pantalon ng Tiyo RENATO mo?

MIKEL
E, kasi po, wala naman dapat kaso. Wala po kaming nakita na nangyaring ganuon.

NONI
Anong wala? Iiyak ba ang isang maliit na bata kung hindi sinaktan? Pati si Ate DONNA mo pinagsisigawan at pinaalis dito sa bahay.

MIKEL
Tiyo NONI, pinaaalis po ni Tiyo RENATO si Ate DONNA nuon kasi po nag-eeskandalo na siya. Hindi naman po yun ang unang sigawan ni Ate DONNA at Tiyo RENATO. Nangyari na po nuong ayaw pautangin ni Tiyo RENATO si Ate DONNA. Nagsigawan din sila.

DRA. LUCINDA
Oh, my God. NONI, what’s this? Ibig sabihin nag-imbento lang si DONNA para kasuhan si RENATO?

NONI

Hindi naman siguro.  Iiyak ba yung bata ng walang dahilan? Makakarating ba sa korte sa kapitolyo ang kaso ng walang merit. It's been dragging for almost two years kaya nga gumagawa na ako ng paraan na tapusin ito.

DRA. LUCINDA
Honestly, NONI, who are you supporting?

NONI
Wala akong kinakampihan.  Pero sa sitwasyon na ito sila DONNA ang agrabyado. Sila ang mahirap, si RENATO may abogado and he can afford to pay the twenty thousand acceptance fee and two thousand appearance fee sa hearing. E, sila DONNA, nagtitiyaga sa public attorney.

DRA. LUCINDA
But both parties are aggrieved in a way. Mental torture for every one. Hindi ba kayo nahihiya sa mga tao sa ginagawa ng pamilya niyo, NONI?

NONI
LUCINDA, parte ka ng pamilyang ito kaya wag mo akong pagmalakihan. Hindi mo pwede ihiwalay ang sarili mo dahil TORRE na rin ang apelyido mo.

DRA. LUCINDA
Exactly! Kailan natin ito titigilan?  Hanggang kelan tayo magsisiraan? Hanggang hindi alam ng lahat ng tao sa Bulacan?

NONI
E, paano nga maso-solusyunan ito kung ayaw ng humarap ni RENATO. Eh di hayaan mo na ang korte magbigay ng solusyon.  Hayaan mo ang

korte magdesisyon kung ano ang tama at mali.  Let justice prevail. Dapat nga hindi na rin ako ditto makialam  dahil matatanda na lahat iyan. Trenta'y singko na si DONNA.  Halos lolo na si RENATO sa edad niyang 63.

MIKEL

Tiyo NONI, hindi po ninyo kilala ang kalikutan ni BOOTS. Napakakulit po nun. Nag iisang anak po kaya spoiled kay Ate DONNA.

NONI

Pero hindi pa rin dapat saktan ang bata! Bata pa rin iyan at may legal rights. Iyon ang hindi inisip ni Tiyo RENATO mo. Akala nya siguro porke't bata, hindi magrereklamo.

ALEX

Pero hindi po talaga binatukan ni Mang RENATO si BOOTS. Wala po kaming nakitang ganun.  Nasa may gate po kami. Naglambitin po si BOOTS dito sa pinto. Nasa labas po kami nina Mikel, wala po kaming nakita na binatukan o sinaktan ni Mang RENATO ang bata.

NONI

Iyon nga sinasabi ko sa inyo. Hindi ibig sabihin na wala kayong nakita. Walang nangyari. (Babaling kay ALEX.) Saka di ba sinabihan na kita na huwag makialam kasi hindi ka namin kapamilya!

MIKEL

Tiyo NONI, huwag nyo pong ibaling kay ALEX.  Maaari pong may pagkukulang si Tiyo RENATO sa pamilya, pero sa dami po ng naitulong nya ay hindi naman dapat na hiyain siya sa pamamagitan ng

pagdedemanda sa kanya. Puwede naman po sigurong mapag usapan ito ng lahat. Papayag po siguro si Tiyo RENATO ng ganuon.

NONI
Ah ganuon, sige sabihin mo sa Tiyo mo na itigil na niya pagtatago niya! Lumabas siya sa lungga niya. Magtatawag ako ng meeting sa Linggo, April 15. Magkita kita tayong lahat dito para tapusin ang gulo na ito. May limang araw pa siya para paghandaan. Sabihin mo na magpaluto na rin ng pagkain, MALENA. Pati pamilya ni DONNA ay darating dito.

Halika na, LUCINDA. Umuwi na tayo at kumukulo ang dugo ko sa mga tao rito!

Lalabas sina NONI at LUCINDA. Maiiwan sina MIKEL, ALEX, at MALENA.

Magdidilim.

## IKALIMANG TAGPO

Isang Monologo.

April 11, Madaling Araw, sa bahay ng Pamilya TORRE.

Liliwanag.

Nakahiga sa sofa si RENATO. Nakatulog ito at naalimpungatan. Hihimasin ng isang kamay ang noo. Naka-pantulog ito ng guhitang pajama at puting t-shirt.

Mas mahina ang ilaw na gagamitin sa entablado para maipakita na kaiba ito sa reyalidad ng ibang eksena.

Tatayo si RENATO pupunta sa kusina sandali at kukuha ng tubig na maiinom. Nakatayo ito sa likuran ng hapag kainan. Hawak ang isang basong tubig.

RENATO

Kelan ba matatapos ang sakit at bigat sa dibdib ko? Anong parusa ba ito, Panginoon, at kailangan kong magdusa ng ganito? Parang mas kakayanin ko pa masugatan na lang ang aking mga tuhod at likod at kahit hampasin ko pa ito ng ilang beses, kahit maghapon magdamag, huwag lang ang sakit na nadarama ko sa dibdib.

Nagkulang pa ba ako sa kanila?

Naturingan kong kamag anak --- anak pa ng kapatid ko ay gagawan ako ng ganito? Pati mga kapatid ko. Ayaw akong paniwalaan. A, hindi mo na nga ako biniyayaan ng sariling anak, maaga mo pang kinuha ang asawa ko. (Maiiyak. Lalapit sa pintuan at bubuksan ito.)

Heto po, FISCAL, heto ang pinto. Nakita ko pong naglalambitin ang batang si BOOTS. Galing po ako sa labas. Hapon po nuon at mag- aalas-singko. Buhay pa si Mama at nasa kuwarto na nakaratay na sa edad niyang otsenta'y otso. Galing po ako sa bayan at nagwithdraw ng aking pension sa ATM. Dinatnan ko po sa labas si Mikel at iba pa niyang kaibigan sa gate. Nang makita ko si BOOTS sa pinto, sumigaw po ako. Sabi ko po, "Hoy, baba!" Dahil baka mahulog ang bata sa pagkakalambitin sa pinto. Nakahawak po siya sa pinto sa itaas nito at aksidente ang nakikita ko, kundi maipit ang kamay ng bata sa pagkakapit dahil magsasara ang pinto o baka tumama ang ulo nito sa hamba. Maaari din siyang masaktan pag talon sa ibaba dahil natumba na ang silyang tinungtungan. Anuman ang mangyayari ay may nakaumang na disgrasya at masasaktan ang bata.

Maaaring nabigla po ako sa pagsigaw dahil ang disgrasya ang nasa isip ko pero hindi ko alam na tatalon siya pababa. Alam ko po ay tumama ang

paa ng plastic na silya sa kanyang batok pagkatapos mapaupo sa sahig. Pero hindi ko na po siya naabutan at hindi ko sasaktan ang sinumang bata. Tumakbo ang bata sa kuwarto kung saan nandun ang aking Mama at si DONNA.

Alam ko po hindi naman masama ang sumigaw. Pero kung nabigla ang bata ay nabigla rin po ako. Nagpunta ako sa kwarto at hinarap ko si DONNA. Sinabi ko sa kanyang pinababayaan niya ang kanyang anak. Marahil itinuturo ng bata na masakit ang batok niya ay binuo na ni DONNA sa isipan niya na binatukan ko ang anak niya.

A, FISCAL TEVES, hindi ko po piningot. Saan po? Habang naglalambitin sa pinto? Imposible po. Dahil kung mapupunta kayo sa amin, makikita ninyo na mataas ang aming pinto. Malapad at mataas po ito. Ayon sa kagustuhan ni Mama. At kung naglalambitin ang bata sigurado ko pong hindi ko maabot ang ulo niya para pingutin ito.

Pinaalis ko po sa bahay nang araw na iyon si DONNA dahil nagiging bastos na po siya sa pagsagot. At ayokong marinig pa ng Mama ang sigawan naming dahil makakaapekto po iyon sa matanda. Opo, hinila ko sa braso si DONNA at inilabas ko siya, kasunod niya ang kanyang anak. At paglabas sa pinto na iyan ay isinara ko ng bigla. Alam ko duon sa labas nagmumura at galit na galit si DONNA.

Masakit talaga --- lalo na ng dumating ang unang subpoena sa akin. Para akong sinaksak sa hiya. Biruin mo child abuse ang ikinaso sa akin? Ilan na ba ang nagbiro sa akin na sa tanda ko raw na ito, e, batang paslit daw ang kayang kong gahasain?

Dito sa amin, iisa ang takbo ng isip ng tao, lahat ng child abuse cases ay tungkol sa pagpuwersa sa bata, na mababa sa disiotso anyos ay

ginahasa o pinuwersang makipag-sex. Nakakahiya po talaga. Pagkatapos batang lalaki pa ang naging biktima ko.

May nasampal na nga ako dyan sa may palengke. Naghihintay ako ng jeep at siya ang lumapit sa akin. Kasabi-sabi, “Ka RENATO, kaya pala di ka na ulit nag asawa kasi mahilig kang manumbong ng batang lalaki! Mas masarap ba tumbong?” Namula man ako sa hiya pero alam ko mas mapula yun resulta ng sampal ko sa kanya. Hayup na babae yun!

Ewan ko kung hanggang saan ito. Penitensiya ko po ba ito?

Magdidilim.

## **IKALAWANG YUGTO**

### **UNANG TAGPO**

Sa Bahay ng Pamilya Torre.

Linggo ng Gabi, April 15.

Makikita si Noni Torre na nakatayo sa may pinto, habang nasa hapag kainan si Tiyo Renato, may hawak na tungkod. Si Mikel ay nasa likuran ni Tiyo Renato. Nakaupo sa sofa si Donna, Rey, at Boots. Busy sa paghahain ng hapunan si Malena.

NONI

O, Renato, bakit may tungkod ka nang hawak? Nung isang linggo ko pa nakita yan dito sa bahay.

Hindi iimik sa Tiyo Renato.

NONI

Hindi ko na isinama si Lucinda para makapag-usap tayong magkakaanak ng walang masyadong magkokontrabida. Tutal gagawin ko rin naman ang sina suggest niyang mangyari. Magka-ayos na ang lahat para matigil na ang demandahang ito.

Nakakahiya na sa tao ang mga nangyayari. Pati mga pinsan natin ay wala nang alam itanong sa akin kung bakit wala raw akong ginagawa para ayusin kayo.

Bilang pinakamatanda sa inyong lahat ay nagsasalita ako ngayon na mag-ayos-ayos kayo. Pero hindi naman basta maayos ito ng hindi kayo magkakabati.

Maririnig ang mga tunog ng kutsara at tinidor na inilalagay ni Malena sa mga platong nakahain.

NONI

Tigilan mo nga muna iyan Malena! Imbes na makatulong ka ay nakaka istorbo ka!

Papasok sa kusina si Malena.

Magkakatinginan si Mikel at Tiyo Renato. Nakayuko naman ang pamilya ni Donna.

NONI

Kung aayusin at pagagandahin ang isang bagay, kailangan muna itong linisin. Halimbawa, hindi mo basta lalagyan ng table cloth ang isang mesa kung marumi ito. Kailangan linisin muna. Pinturahan kung kailangan. At para luminis at gumanda, kailangan gastusan.

Naiintindihan mo ba ako Renato?

RENATO

Wala akong naiintindihan sa sinasabi mo Kuya. Bakit hindi mo pa kami diretsuhin?

NONI

A, ganun? Sige, Renato. Tutal handa ka naman gumastos. Nakahanda ka bang magbayad ng danyos perwisyo sa pamangkin mo? (Titingin sa direksiyon ni Donna)

RENATO

Bakit? Ito ba dahilan nitong pag aayos na ito? Magbabayaran?

NONI

Gumagastos ka naman at nagbabayad ka pa sa abugado mo. Ayaw mo bang matigil na ito at bayaran mo na lang ng danyos si Donna?

RENATO

Kaya ako kumuha ng abogado ay para tulungan ako na ipagtanggol ng maayos ang pagkatao ko, Kuya. Hindi para ipakita sa inyo na kaya kong gumasta o kaya kong magbayad.

MIKEL

Tiyo, hinay po.

RENATO

Kaya ko ito, Mikel. Ang alalayan mo ay ang Tiyo Noni mo na napakatayog --- na alam ang lahat. Ang totoo niyan, itong apelyido na Torre, hindi ko na kayang dalhin kung kayo ang mga kasama ko sa pamilya. Torre! Matipuno, mataas, matayog --- pero bulok! Mga bulok ang takbo ng utak nyo!

DONNA

(Tatayo.) Tiyo Noni, itutuloy pa po ba natin itong kung puro hiyawan na lang ang mangyayari?

NONI

Wag kang mag alala Donna. Lalambot din ang puso ni Tiyo Renato mo.

RENATO

(Magtataas ng boses.) Nagkakamali yata kayo ng pakay. Kaya ako lumalaban sa inyo at kumuha ng abogado ay para ipaglaban ang karapatan ko nang maayos. Dahil wala naman talagang kaso, wala naman nangyaring batukan. Nag imbento lang kayo, at ikaw naman kuya, naniwala ka agad sa pamangkin mong iyan.

DONNA

Tiyo Nato, huwag ninyo akong sabihan na nag-imbento. Kahit mahirap lang kaming pamilya ay may reputasyon kaming inaalagaan.

RENATO

Sa mata ng tao, mabaho ang reputasyon mo! Hindi ka na tao. Dahil kung tao ka, may respeto ka sa akin. Hindi ko na mabilang ang naitulong ko sa iyo. Pautang ng palima-limang daan, minsan isang libo! May sakit ang anak mo, magbabayad sa nursery, nalimutan mong magbayad sa ilaw, pambili ng ulam, pambili ng gamit --- pati nga ulam namin, bigas, binibitbit mo kung pumapasyal ka rito. Napansin mo ba? Hindi ka pa umaalis ng bahay na ito ng walang bitbit?

NONI

Anong ibig mong sabihin, Renato?

RENATO

Simple lang. Ahas yang pamangkin mo na ‘yan! Matapos mo pakainin at pautangin ng walang bayaran, ako pa ngayon idedemanda? Wala kang utang na loob, Donna!

DONNA

Huwag po kayong maniwala sa kanya, Tiyo Noni. Hindi po totoo!

RENATO

Sige magmalinis ka! Yan ang dahilan kung bakit baon ka pa rin sa kahirapan hanggang ngayon.  Sinungaling kang tao!  Pati nga mga lumang damit ni Mama, tuwalya at sapin sa kama, kinuha niyan nang walang paalam.

DONNA

Hindi po.

MIKEL

Totoo naman talaga, Ate, burol pa lang ni lola. Binalot mo na laman ng kama niya.

DONNA

Gago ka talaga!  Kinuha ko yun kasi lalabhan ko!

MIKEL

Mahigit nang isang taon yun ate. Nasaan na iyon ngayon.

DONNA

Nasa bahay nakatiklop. Dadalhin ko sana, nakakalimutan ko lang lagi.

RENATO

Kita mo na, baka kung kami pumunta sa bahay mo makita namin pati plato, baso, kaldero, kumot at iba pang gamit ng bahay namin.

REY

Wala naman pong ganyanan. Hinihiya at iniinsulto nyo na kami n'yan.

NONI

Tumigil na kayo. Lalo lang kayo hindi magkakasundo niyan.

RENATO

Nung idinemanda ako n'yan, hindi ba nainsulto pagkatao ko? Ginamit nyo ang kaso para hiyain ako at ang pamilya natin!

NONI

Sumosobra ka na sa pagsasalita mo, Renato. Dapat nga manghingi ka ng sorry sa kanila dahil sa nangyari.

RENATO

Ano ang nangyari, Kuya? Walang nangyari! Nag-imbento lang ang malikot nilang isip!

NONI

Paano tayo magkaka-ayos? Ayaw mong magpapigil sa pabigla-bigla mong pagsasalita?

REY

(Tatayo at haharap kay Tiyo RENATO.) Tiyo, may prinsipyo po ako sa buhay at hindi ko pababayaan ang mag-ina ko na maliitin ng kahit na sino. Kahit pa mga kamag-anak niya.

RENATO

Ano plano mong gawin? Saka hindi ko kayo minamaliit o hinihiya. Sa dami ng tulong na hiningi ninyo sa akin ay ako ang idenemanda ninyo at hiniya.

Ibang tao na ngayon ang turing ko sa inyo. Matapos ko kayong pahalagahan at tulungan sa pangangailangan ninyo, naglakas-loob pa rin kayong magdemanda. Hindi ko minamaliit ang kaisipan ninyo. Pero sa totoo lang, hindi ninyo maiisip yan nang basta-basta lang. Nagtataka rin ako na hindi man lang dumaan sa mediation ang kasong ito. Mula sa city prosecutor ay tumalon agad ng walang hearing sa provincial courts? Magaling siguro ang padrino ninyo? Ang bilis ng swerte ninyo, a?

NONI

Ano gusto mong palabasin, RENATO?

RENATO

Maliwanag pa sa sikat ng araw na may padrino ang pamilya mo DONNA sa kaso na ito?

DONNA

Hindi ko po alam ang sinasabi n'yo.

NONI

Lumalayo tayo sa tunay na pakay ng pagpunta natin dito? Renato, kinausap ko si DONNA at handa siyang iurong ang kaso kung handa kang magbigay ng danyos sa kanila? Kahit kuwarenta mil lang.

RENATO

Kuya, puro pera na lang ba dito sa mundo para lang magkaisa? Hindi ako magbibigay kahit isang kusing sa kanila?

NONI

Alalahanin mo, RENATO, kung mapatunayan kang nagkasala ng chilld abuse ay 40 to 80 thousand ang babayaran mo at may kulong pang anim na buwan hanggang 60 years. Nagpiyansa ka na nga ng kuwarenta mil

para hindi makulong, kapag isinara na itong kaso ay iyon na ang ibigay mo sa kanila.

RENATO

Huwag mong lapastangin ang pagkatao ko, Kuya!  Baka mawala nang lubusan ang paggalang ko sa iyo.

Susugurin ni NONI si RENATO. Ihaharang ni MIKEL ang katawan niya kay Tiyo RENATO.

MIKEL

Tama na po, Tiyo. Huwag po!

NONI

Ikaw ang sasapakin ko kapag hindi ka umalis dyan, MIKEL!

Aalis si MIKEL.

Hahakbang naman patalikod si RENATO.

RENATO

Diyan ka magaling, Kuya. Tapos ako sasabihin mong pabigla-bigla. Ano ba gusto mo mag ubusan na tayo?

NONI

Nasa sa iyo yun. Alalahanin mo na ginagawa ko ito dahil mas matanda ako sa iyo. Sa edad natin RENATO, wala na tayong hihilingin pa kundi katahimikan ng buhay.

RENATO

Magbabayad ako para tumahimik ang buhay ko?  Hindi ko gagawin iyon.

NONI

E,  paano tayo magkakasundo? Paano natin isasara ang kaso? Paano tayo magpapatawaran?  Paano natin tatapusin ito? Aba RENATO, mag sorry ka man lang kay DONNA at sa anak niya.

RENATO

Wala kayong maasahan sa akin, Kuya!  Bakit ako magso-sorry sa isang kasalanan na hindi ko naman ginawa?

NONI

Puwes, ganun talaga, RENATO!. Mag sorry ka na lang para matapos ito at iuurong na ni DONNA ang kaso. Humingi ka ng paumanhin sa pamangkin mo. Sa apo mo --- kay BOOTS.

RENATO

Sira ulo ka, Kuya!

Susugurin ni NONI si RENATO at bibitbitin sa kuwelyo.

Manlalaban si RENATO pero malakas si NONI.

NONI

Magpakumbaba ka RENATO dahil mas nakakaintindi ka!

RENATO

Maaari akong mag-sorry kung may nagawa man ako sa inyo --- pero talagang wala.

Sasapuhin ang naninikip na dibdib, manghihina at aatakihin. Sasaklolo si MIKEL at sasaluhin sa likod si Tiyo RENATO.

Mawawalan ng malay si RENATO.

Magkakagulo sa bahay.

NONI
RENATO, huwag kang --- RENATO! (Aalugin sa balikat.) Dalhin natin siya sa ospital. REY, MIKEL. Buhatin nyo si Tiyo RENATO n'yo.

BOOTS
Mommy!

Tatakbo ang bata at aakap ang bata kay REY.

Hihilahin ni NONI ang bata mula sa pagkakakapit sa ama nito.

NONI
Umalis ka muna d'yan bata. Sagabal ka!

Tatakbo ang bata ulit kay DONNA. Bubuhatin ni MIKEL si Tiyo RENATO. Susunod si REY. Lalabas sila ng pintuan.

NONI
Donna, buksan mo ang gate! Dali!

Tatakbo si DONNA palabas. Tatakbo rin palabas kasunod niya ang bata.

Maririnig ang mga boses ni MIKEL at REY habang binubuhat si RENATO.

MIKEL

(Pasigaw.)  MALENA, yun pinto!

Maririnig ang sigaw ni DONNA mula sa labas ng bahay.

DONNA

Boots, pumasok ka rito! Boots! Boots!  Tumabi ka!

Naging tili ang sigaw ni DONNA.

Maririnig natin ang isang malakas na tunog. May nabangga.   Sa susunod na pagkalabog, tila mahihinuha nating may bumalibag na kung ano.

DONNA

Ang anak ko! Diyos ko po!

Papalahaw si DONNA ngunit kukutuban tayong huli na ang lahat.

Magdidilim.

**IKALAWANG TAGPO**

April 25,  sa bahay ng Pamilya Torre.

(Tala:  Makalipas ang isang linggo na naratay sa hospital, namatay at nailibing na ang anak na si BOOTS.  Dumalaw si DONNA sa bahay ng Pamilya Torre.)

Dala ang mga gamit ni Lola na nasa malaking plastic bag, nag-iisa lang si RENATO sa bahay nang datnan ni DONNA.  Nakaitim si DONNA. Naka-ayos siya nang mabuti. Mapula ang labi sa lipstick at naka eyeshadow ito na kulay asul.   Papasok siya sa bahay. Makikita niyang nakaupo si RENATO sa sofa.

Naka-pajama ito at may hawak na tungkod. Nakatingin sa kawalan. Hindi papansinin ang pagdating ni DONNA.

DONNA

Magandang hapon po, Tiyo RENATO.

Hindi iimik o titingin man lang si RENATO.

Malumanay ang pagsasalita ni DONNA. Mababakas natin ang hiya at lungkot na dinadala.

DONNA

Dala ko na po ang mga gamit ni Lola na nilabhan ko. Pasensiya na po kung ngayon ko lang naibalik. Dalawang tuwalya at dalawang kumot po iyan. Nariyan din po ang ilang mga damit niya.

Hindi ko po inaasahan ang mga pangyayari. Inaamin ko pong nadala ako sa labis na pagmamahal sa anak ko. Napakabata pa ni BOOTS para mamatay. Hindi ko po inaasahan na siya ang magiging kabayaran sa mga kasalanan naming mag asawa.

Tiyo RENATO, naiintindihan ko naman po ang kalagayan ninyo kung hindi kayo nakapunta sa burol at libing ni BOOTS. Wala na pong tuluyan ang anak ko. Nakakulong na rin po ang nakabundol sa kanya. Hindi ko pa po maisip kung itutuloy namin ang kaso. Baka po mas malaki pa ang mawala sa amin.

Gusto ko na lang po sana ipasa-Diyos ang nangyari. Natatakot na po ako at may pinasukan na naman akong kaso. Mas naduwag na po ako ngayon.

Inaamin ko po na may kalikutan at pagkapilyo si BOOTS. Pero kahit ano pa siya ay mahal na mahal ko siya.

Tuluyang iiyak si DONNA at yayakapin ang plastic bag na dala.

DONNA

Wala naman pong maibabayad ang pamilya ng nakabundol. Driver lang po siya ng isang maliit na kompanya. Hindi lang po namalayan ng driver ng delivery van ang biglang paglabas ni BOOTS sa kalye. Malakas lang po talaga ang pagkakahagis ng katawan ni BOOTS sa gate.

Alam kong napakabigat ng ginawa ko sa inyo. (Bibilis ang pagsasalita.) Inaamin ko pong nakinig ako kay Tiyo Noni nang lubos. Siya po ang tumulong sa amin sa munisipyo. Kakilala po niya ang clerk duon na bumuo ng kaso. Siya nga po ang gumastos ng lahat para mabuo ang kaso. Hindi ko po nais na isiwalat ito pero mabigat po sa dibdib ko. Alam kong hindi kumpleto ang paghingi ko ng tawad kung may iiwanan akong itinatago sa puso ko.

Para na rin po ako may pasang krus kung di ko sasabihin sa inyo lahat. Wala po akong maibibigay sa inyo para pagaanin ang kalooban niyo.

Tiyo Renato, sana mapatawad mo po kami. Sorry po talaga.

Ilalagay ni DONNA ang plastic bag sa sofa sa tabi ni Renato. Kukunin niya ang kamay ni RENATO, magmamano ito at lalakad palabas. Hindi pa rin natitinag si RENATO sa pagkakaupo. Maiiyak ito at papahirin ng kanang kamay ang luha sa isang mata.

Tatayo si RENATO at lalakad sa tapat ng nakabukas na pinto. Nakatingin sa labas ng bahay.

Papailanlang ang ingay ng mga nagdadaang sasakyan.

Magdidilim

**<u>EPILOGO</u>**

Sa bahay ng pamilya TORRE.

April 30, alas-5 ng hapon.

Dahan dahang nagsusuot ng rubber shoes si RENATO sa sofa. Nakapantalon na itong maluwag at T-shirt na dilaw. Lalapit si MIKEL kay Tiyo Renato. Galing itong banyo. Nakasuot na ng shorts pero nakasampay lang ang tuwalya sa balikat, basa pa at hindi nakasuklay ang buhok. Kukunin ang isang puting envelope sa mesa at ibibigay kay Tiyo RENATO.

MIKEL
May nagdala po pala nito kaninang nasa banyo kayo.

Titingnan lang ni RENATO ang sulat.

RENATO
Buksan mo.

Dali daling bubuksan ni Mikel

RENATO
Pakibasa mo na Mikel.

MIKEL

Republic of the Philippines
Regional Trial Court of Bulacan
Third Judicial Region
Malolos Bulacan
Family Court
People of the Philippines versus RENATO TORRE, Accused
Order

As prayed for, the Motion to Dismiss filed by Provincial Prosecutor Florencia Teves is hereby granted and this case is now Dismissed, for evident lack of interest to prosecute on the part of the private complainant.

As prayed for, the office of the Glerk of Court is hereby ordered to release the cash bond amounting to fourty thousand pesos posted by the accused as per official receipt number 5956495 dated April 30, 2010 immediately upon receipt of this order.

So ordered, Given in Open Court this 27th day day of April 2012 at Malolos Bulacan. JULIANA IGNACIO, Presiding Judge
Tiyo!

Napahagulgol si RENATO, sapo ang dibdib, inalalayan ito ni Mikel. Ibinigay ni Mikel ang papel kay RENATO. Tinitigan itong mabuti ni RENATO.

Papasok si MALENA, may dalang backpack na bag. Naka t-shirt, shorts na makulay, at rubber shoes.

MALENA
MIKEL, Bakit?

Hindi sasagot si MIKEL.

Kahit walang sinasabi, tila kikilabutan si MALENA.

MALENA

Salamat po, D’yus ko.  (Aayusin ang sarili.) E, nasa loob na ng bag ang mga tuwalya ninyo ni Tiyo RENATO.  Ilang boteng tubig po ba ang dadalhin natin?

RENATO

Hayaan mo na, MALENA, duon na tayo bibili ng tubig.  Maraming nagpapa-caridad sa daan papuntang Antipolo.

May mga tindahan din tayong madadaanan.  Kailangan magaang ang ating dala sa paglalakad.  Magbihis ka na MIKEL at lalakad na tayo.

MIKEL

Opo, Tiyo.

Tatayo si RENATO sa sofa. Iiwanan niya ang sulat sa mesa at unti unting hahakbang papunta sa pintuan.

Magsusuot sandali ng t-shirt si Mikel at magpapabango ito na galing sa dala niyang bag na panglalaki. Ilalabas niya ang susi mula sa bag.

MALENA

Dalian mo Mikel, wag mong kalimutan yun padlock sa gate. Nasa ‘yo din ang susi.

RENATO

Tara na.

Huling lalabas ng pinto si RENATO.  Siya ang magsasara ng pinto. Sa pagtalikod niya, mararamdaman natin ang gaang na nadarama ng kaniyang balikat.

Huling pagdidilim.

**W A K A S**